# KARANASAN NG MGA NAGING BATTERED WIFE SA PANG-AABUSO

**JUDITH ANGELINA AQUINO DELA CRUZ**

Di-gradwadong tesis na ipinasa sa kaguruan ng Departamento
ng Sikolohiya, Kolehiyo ng Sining at Agham,
Lungsod Agham ng Muñoz, Nueva Ecija,
Bilang katuparan ng mga
Pangangailangan para
sa kursong

**BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA**

**HUNYO 2017**

*"Para sa aking mga magulang na naging inspirasyon at dahilan ng pagkabuo ng tesis na ito, para sa aking pamilya na nanatiling matatag sa kabila ng lahat ng pagsubok sa buhay, para sa aking mga kaibigan na laging handang sumuporta, para sa lahat ng mga biktima ng pang-aabuso at para sa Mahal na Panginoon na patuloy na gumagabay. nagbibigay ng lakas at talino at walang hanggang pagmamahal."*

Ang di-gradwadong tesina na may pamagat na **KARANASAN NG MGA NAGING BATTERED WIFE SA PANG-AABUSO**, inihanda at ipinasa ni **JUDITH ANGELINA AQUINO DELA CRUZ** bilang pagtupad sa mga pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA** ay tinanggap at sinang-ayunan.

**MYLENE G. SACRO**
Tagapayo

5-22-17
Petsa

**ANGELO R. DULLAS**
Tagasuri

5-22-17
Petsa

Tinanggap at sinang-ayunan bilang pagtupad sa mga pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA**.

**NIXON V. AGASER**
Tagapangulo

5-22-17
Petsa

**ANNA MA. LOURDES S. LATONIO, Ph. D**
Tagapamahala ng Pananaliksik
Kolehiyo ng Sining at Agham

5-22-17
Petsa

**MYRNA R. UMAGAT, Ph. D**
Dekano
Kolehiyo ng Sining at Agham

5-22-17
Petsa

## ANG MAY AKDA

### PERSONAL NA DATOS

| | |
|---|---|
| Pangalan | Judith Angelina A. Dela Cruz |
| Kapanganakan | May 10, 1997 |
| Tirahan | Guimba, Nueva Ecija |
| Relihiyon | Roman Catholic |
| Pangalan ng Ama | Diosdado D.G Dela Cruz |
| Pangalan ng Ina | Gemma A. Dela Cruz |

### MGA PAARALANG PINASUKAN

| | |
|---|---|
| Elementarya | Guimba West Central School<br>Guimba, Nueva Ecija<br>Abril 2009 |
| Sekondarya | Our Lady of the Sacred Heart College of Guimba Inc. (OLSHCO)<br>Abril 2013 |
| Tersera | Batsilyer ng Sining Sikolohiya,<br>Central Luzon State University<br>Muñoz, Nueva Ecija<br>Hunyo 2017 |

**MGA NILAHUKAN**

4th National Psychology Research Congress
Central Luzon State University, Research Extension and Training (RET) Amphitheater
Science City of Munoz, Nueva Ecija
September 18, 2015

5th National Psychology Research Congress
3rd Floor, TADENA Hall, Administration Bldg. University of Northern Philippines
Heritage City of Vigan
October 21, 2016

29th Annual Convention Asian Psychology and Asian Societies in The Midst of Change
Philippine Association of the Philipines Junior Affliates
SMX Convention Center, Mall of Asia, Pasay City
Far Eastern University, Morayta, Manila
January 22 & 23, 2016

30th Annual PAPJA Convention
Emphasizing the Importance of Mental Health in the Philippines Society
SMX Convention Center, Mall of Asia, Pasay City
Mapua Institute of Technology, Intramuros, Manila
Collegio de San Juan de Letran, Intramuros Manila
De La Salle University Manila
January 20 & 21, 2017

# PASASALAMAT

Ang pagsimula sa tesis ito ay hindi naging madali lalo na sa pagtahak ng mga hakbang upang ito ay mabuo. Ngunit sa kabila ng paghihirap masasabi kong hindi ako kinulang ng suporta, karamay at gabay sa mga taong kasama ko sa pagod, pawis, puyat at luha na ibinuhos ko para sa papel na ito. Hindi ko makakamit ang karangalan na ito ay matapos sa mas maagang oras na itinakdang pagpapasa kung wala ang kanilang presensya, suporta at pagmamahal.

Una sa lahat gusto kong pasalamatan at papurihan ang **Mahal na Panginoon** sa pagbibigay sa akin ng lakas at talino upang mapagtagumpayan ang bawat pagsubok sa aking buhay. Hindi ko makakamtan ang lahat ng tagumpay at karangalan kung wala ang Panginoon na laging gumabagabay at pumu-protekta sa akin.

Lubos din ang aking pasasalamat sa aking magulang, **Mama at Papa** maraming maraming salamat po sa inyong suporta, pag-aalaga at pagmamahal. Alam ko pong hindi biro para sa inyo na kami'y mapagtapos lahat na magkakapatid. Nakita ko ang inyong mga paghihirap at sakripisyo mapagtapos niyo lang kami ng pag-aaral. Maraming salamat po sa pagiging maaalahinin na magulang. May hindi man po tayo pagkakaunawaan kung minsan alam kong hinding hindi po magbabago ang pagmamahal niyo para sa akin at pati narin sa aking mga kapatid. Maraming maraming salamat po sa suporta ninyo, alay ko po sa inyo ang karangalang maging *first honor* dahil ako po ang unang-unang nag daos ng *thesis defense* sa aming batch. Mahal na mahal ko po kayo Mama at Papa.

Sa aking mga kapatid **Ate Jeogie, Kuya Jonas** at **Dea** maraming maraming salamat din sa inyong suporta sa aking pag-aaral. Sa aking ate na laging nandyan upang sumuporta at ipagmalaki ang aking mga naging tagumpay, sa kuya ko na handang magbigay ng pinansyal na suporta para sa aking gastusin sa eskwelahan at sa aking bunsong kapatid na alam kong *proud* sa akin kahit na madalas na hindi kami nagkakasundo, mahal na mahal ko kayong lahat.

Sa aking mga **Tita at Tito** na laging nangangamusta at nagbibigay ng lakas ng loob sa aking pag-aaral maraming maraming salamat rin po sa inyo. Lalong lao na sa aking **Auntie Merly** na isa sa mga nag udyok sa akin upang tahakin ang kursong Sikolohiya, Auntie hindi po tayo nabigo sa ating desisyon na ako'y kumuha ng kursong ito dahil lubos itong nakatulong sa pagbuo ng aking sarili. Maraming maraming salamat sa lagi mong pag gabay at suporta sa akin. Sa aking mga pinsan **Ate Check, Ate Shane at Ate Bamba** salamat sa inyo mga ate ko dahil lagi rin kayong nandyan para sumuporta sa akin at sa lahat ng mga gagawin at *event* sa *school*. Maraming salamat sayo **Ate Bamba** dahil ikaw ang nagsilbing *best friend* ko sa lahat ng aking pinsan, isa kang inspirasyon para sa akin. Kay **Ate Kim** na laging nariyan upang tulungan ako sa aking mga asignatura sa eskwelahan, at wala ding sawang sumuporta sa akin, maraming maraming salamat sayo ate. Sa lahat ng aking tito at tita, mga pinsan sampo ng aking mga kamag-anak at pamilya maraming maraming salamat po.

Sa aking *thesis adviser* na si **Ma'am Myles** at sa bumubuo ng aking *panel* na sina **Sir Nixon** at **Sir Angelo** maraming maraming salamat po sa pag gabay ninyo sa akin lalo na sa aking papel. Hindi ko matatapos ang tesis ito kung wala po ang inyong mga payo at

mga suhestyon upang maitama ang mga mali at maging maayos ang aking ang nilalaman ng aking papel. Gayundin kay **Ma'am Vee** na nakatulong sa pagbibigay ng mga gagamitin kong *rrl* sa pag-aaral na ito maraming salamat po sa inyong suporta.

Sa aking mga *high school best friends* na sina **Nikka Jane, Jenelle Mariel, Neilen, Gizelle at Crisha Jamille** maraming maraming salamat sa inyo dahil nanatili kayong mga kaibigan ko simula pa noong tayo'y hayskul hanggang sa ngayon na tayo'y magtatapos na ng kolehiyo. Gusto ko kayong pasalamatan sa inyong walang sawang pagsuporta at pagbibigay ng lakas ng loob sa mga panahon na ako'y nawawalan ng pag-asa nariyan kayo sa aking tabi upang ako'y i-*cheer up* at sabihing magiging maayos din ang lahat. Maraming maraming salamat sa halos magpi-pitong taon na tayo'y magkakaibigan, masaya ako dahil sa kabila ng mga pinagdaanang pagsubok ng ating pagkakaibigan ay nanatili tayong sama-sama. Mahal na mahal ko kayo, hindi ko lang kayo mga kaibigan ngunit maituturing ko na ring mga tunay na kapatid.

Sa aking mga naging *roommates* **Elena, Haydie** at **Patricia** mga bes maraming maraming salamat sa halos dalawang taon na magkakasama tayo sa iisang bahay. Maraming salamat sa asaran, iyakan at tawanan at sa lahat ng mga *memories* na magkakasama tayong lahat. Salamat sa lagi niyong pagsuporta at sa walang sawang pagbibigay payo sa lahat ng aspeto ng aking buhay. Salamat dahil lagi kayong nariyan upang magpasaya sa akin sa mga panahong ako'y malungkot. Mahal na mahal ko kayo.

Sa aking *college friends* ang aking mga **"Abay"** na sina **Aleah, Ella, Eloisa, Larn, Nina, Ate Karen, Ate Febbie, Elaiza, Jeremy, Johncel, Francis, Kuya Reyn,**

**at Rei** maraming maraming salamat sa inyo mga Abay. Hindi pa man ganun katagal ang ating pagsasamahan masasabi kong malaki na ang naging parte niyo sa buhay ko, maraming salamat sa mga tawanan at asaran pati na rin sa *non-stop* kudaan na minsan nauuwi sa pikunan at pag-*wa-walk out* haha. Sobra akong proud sa samahan ng tropa natin dahil iba-iba man tayo ng ugali nagkakasundo pa rin tayo. Sobra ko kayong pinasasalamat sa pagiging *supportive* ninyo sa akin lalo na sa pagdalo ninyo noong ako ay nag depensa na aking tesina. Tunay ngang aking nadama ang inyong lubos na pagmamahal, suporta at pagka-*proud* sa aking mga nagawa. Maraming maraming salamat sa lahat mga Abay ko, mahal ko kayong lahat.

Kay **Ella** na isa sa pinaka-matalik kong kaibigan, isa sa mga itinuturing kong *best friend*, beks salamat dahil lagi ka rin nandyan sa mga panahon ng problema, handang mag-seryoso sa panahon na kailangan ko ng masinsinang kausap. Salamat kasi ipinaramdam mo sa akin na ikaw yung kakampi ko sa bawat problema na kinaharap ko. Salamat sa mga *chikas,* mga ibinahagi mo sa aking oras at kwento. Gusto kong malaman mo na *proud* ako sa *friendship* na binuo nating dalawa, mula sa pagharap sa maraming *research paper* hanggang dito sa pagbuo ng tesis kinaya nating dalawa. Alam kong marami pa tayong pagsasaluhang luha, ngiti at tagumpay. Salamat sa lahat, lahat beks. ☺

Sa aking dating roommate at ate sa *psych department* na si **ate Winnie**, maraming maraming salamat ate sa pag gabay mo sa akin noong ako ay *first year* pa lamang hanggang sa ngayon na ako'y magkakapagtapos na ng aking pag-aaral. Hindi ko mamakakalimutan ang mga pagtulong mo sa aking mga *assignments at requirements* sa eskwelahan lalong lalo na ang mga pagbibigay mo ng mga payo at pagpapalakas ng loob

sa tuwing ako'y nawawalan ng pag-asa. Salamat sa tiwala mo na makakaya ko gumawa, simulan at tapusin ang tesis ito.

Para kay **Ate Bessie**, maraming salamat ate sa suporta mo noong ginagawa ko ang aking tesis, maraming salamat sa pagsabi mo ng "go Judith" sa tuwing nakikita mong ako ay may ginagawa. ☺ Maraming salamat po sa pag *remind* mo at pag bahagi mo sa akin ng mga words of wisdom at mga *inspirational verses* na galing kay **LORD**. Gusto ko pong malaman mo ate na isa ka sa nagpalakas ng loob ko sa panahon na ako'y nawawalan na ng pag-asa at pinanghihinaan ng loob. *Thank you so much* Ate Bessie. ☺

Sa aking **Ate Myles** na nagsilbing *adviser* ko sa tesis ito at maging sa personal kong buhay. Maraming maraming salamat sayo dahil hindi mo ako iniwan at sinukuan sa kabila ng lahat. Salamat sa mahaba mong pasensya at sa walang sawang pakikinig sa pauli-ulit kong drama. Salamat ate kasi inintindi mo ako, ikaw ang nagsilbing liwanag ko sa mga panahong sobrang dilim at gulo ng isip ko. Nagpapasalamat ako kay **LORD** dahil binigyan niya ako ng isang taong nagsisilbing *best friend* at kapatid ko. Nais kong ipabatid sayo na *proud* ako dahil ikaw ang *best friend* ko. Hindi ko matatapos ang tesis na ito kung wala ang pag gabay mo bilang adviser ko at kung wala ang pagbibigay mo ng lakas ng loob bilang isa sa pinaka matalik kong kaibigan. Salamat dahil lagi kang nariyan kapag kailangan ko ng makakausap at magpagsasabihan ng mga problema at sikreto sa buhay. *Thank you for being my human volt, my secret keeper and my 911 agent* na laging *always on call* sa panahon ng *emergency*, ikaw lagi ang maasahan ko. Salamat sa tiwala, at paniniwala sa kakayahan ko, na lahat ay makakaya ko at magagawa ko sa tulong na din ni **LORD.** Lagi mo ngang ipinapaalala sa akin ang mga *lyrics* ng kantang "nothing is

imposible" sat wing ako'y nag aalinlangan at nangangamba ipinapalala mo sa akin na nandyan lang si **LORD** sa aking tabi. Maraming salamat ate Myles sa lahat, mahal na mahal kita. **Bungs** *and* **Ngungs** *are constant*, yan ang lagi mong tandaan, nandito lang din ako lagi para sayo. ☺

Sa mga **lumahok** sa pag-aaral na ito maraming maraming salamat po sa pagbahagi ng inyong kwento at mga karanasan. Hindi po ako magkakaroon ng mga datos kundi dahil sa inyo. Maraming salamat pos a pag unlak sa aking imbistasyon na kayo ay ma-interbyu, salamat po sa inyong oras at tiwala sa pagbabahagi ng inyong pribadong karanasan.

Sa mga taong sumubok ng aking pasensya at nagduda sa aking kakayahan, maraming salamat din sa inyo dahil napatunayan ko sa sarili kong nagkamali kayo ng iniisip sa akin. Dahil ang akala niyo'ng hindi ko kaya at hindi ako makakapagtapos ng aking pag-aaral ay malinaw na pawang walang katotohanan. Sa mga taong nanakit sa aking puso't damdamin, maraming salamat din sa inyo dahil naging inspirasyon ko ang sakit na ipinaranas ninyo sa akin upang matapos sa mas maagang oras ang tesis ito. Isa kayo sa mga dahilan kung bakit ako ang unang unang nag *defend* ng tesis, nag silbing inspirasyon ang pagmaliit ninyo sa aking kakayahan at pati narin ang sakit na iniwan ninyo sa aking puso.

# TALAAN NG NILALAMAN


| | |
|---|---|
| **PAMAGAT** | i |
| **DAHON NG PAGPAPATIBAY** | ii |
| **ANG MAY AKDA** | iii |
| **PASASALAMAT** | vi |
| **TALAAN NG MGA NILALAMAN** | x |
| **LISTAHAN NG MGA TALAHANAYAN** | xii |
| **LISTAHAN NG MGA APENDISES** | xiii |
| **ABSTRAK** | xiv |
| **PANIMULA** | 1 |
| Simula ng Pang-aabuso | 2 |
| Dahilan ng Pang-aabuso | 6 |
| Pagtingin sa Pang-aabuso | 7 |
| Pagtingin ng Anak sa Pang-aabuso Ayon saIna | 9 |
| Dahilan ng Pananatili | 11 |
| **METODO** | 19 |
| Disenyo ng pag-aaral | 19 |
| Ang mga Kalahok | 19 |
| Panukat ng Pag-aaral | 19 |
| Pamamaraan ng pagkuha ng Datos | 20 |
| Pag-aanalisa ng Datos | 21 |

ay ang kanilang mga anak, nanatili sila para sa magandang kinabukasan ng mga ito pati na rin ang pagpapahalaga nila sa konsepto ng "buong" pamilya, mahalaga para sa kanila na manatiling sama-sama at hindi matawag na *broken family*. Natigil ang pang-aabuso sa kanila noong sila'y lumaban para sa kanilang sarili at nagsumbong sa mga kinauukulan o pagsama ng kaso sa kanilang barangay. Lumabas din sa pag-aaral na ito ang pagiging matatag o *resilient* ng mga naging *battered wives* dahil sa kabila ng mga kinaharap nilang matinding unos ay nakuha parin nilang bumangon at lumaban.

**RESULTA** 22

Unang Kalahok 22

Ikalawang Kalahok 34

Ikatlong Kalahok 42

Ikaapat na Kalahok 52

**DISKUSYON** 66

**KONKLUSYON** 80

**REKOMENDASYON** 83

**BATAYAN NG PAG-AARAL** 87

**MGA APENDESIS** 93

## LISTAHAN NG MGA TALAHANAYAN


| Talahanayn Blg. | Pamagat | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral | 17 |

# LISTAHAN NG APENDESIS


| Mga Apendis | Pamagat | Pahina |
|---|---|---|
| A | Gabay na Tanong | 87 |
| B | Repleksiyon sa Paggawa ng Tesina | 93 |

## ABSTRAK

**DELA CRUZ, JUDITH ANGELINA A.** Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya, Departamento ng Sikolohiya, Kolehiyo ng Sining at Agham, Central Luzon Statement, Lungsod Agham ng Muñoz, Nueva Ecija. **KARANASAN NG MGA NAGING BATTERED WIFE SA PANG-AABUSO.**

**Tagapayo: MYLENE G. SACRO**

Isang kwalitatibo ang pag-aaral na ito na naglalayong pag-aralan ang karanasan ng mga naging *battered wives* sa pang-aabuso. Gumamit ng pakikipagkwentuhan na pamamaraan ang mananaliksik at ginamit ang *thematic analysis* sa pag-aanalisa ng mga nakalap na datos. Lumabas sa pag-aaral na ito na karaniwang nagsisimula ang pang-aabuso sa pagkakaroon ng pagtatalo dahil sa bisyo ng asawang lalaki tulad ng alak, pambababae at problemang pinansyal o kahirapan. Ang pang-aabusong pisikal ang pangunahing naranasan ng mga kalahok tulad ng suntok, sipa, sapok, sabunot, pwersahag paghila, pagbato ng mga gamit at pagsakal ang siyang naging dahilan ng pagkakaroon ng sugat at mga pasa sa iba't ibang parte ng katawan. Sumusunod ang berbal at sikolohikal na pang-aabuso kung saan nakatatanggap sila ng mga masasakit na salita at mga panlalait na ikinasasakit ng kanilang damdamin. Ang pagtingin ng mga naging *battered wives* sa pang-aabuso ay masama at katakot-takot na gawain ng asawa. Naging paraan ng pagharap nila sa pang-aabuso ang pagsasabi ng problema sa ibang tao at mahabang pagtitiis. Ayon din sa mga naging *battered wives* mayroong masamang pagtingin sa pang-aabuso at nagkakaroon ng galit ang kanilang mga anak sa kanilang asawang lalaki. Lumabas sa pag-aaral na ito na ang dahilan ng pananatili ng mga naging *battered wives*

ay ang kanilang mga anak, nanatili sila para sa magandang kinabukasan ng mga ito pati na rin ang pagpapahalaga nila sa konsepto ng "buong" pamilya, mahalaga para sa kanila na manatiling sama-sama at hindi matawag na *broken family*. Natigil ang pang-aabuso sa kanila noong sila'y lumaban para sa kanilang sarili at nagsumbong sa mga kinauukulan o pagsama ng kaso sa kanilang barangay. Lumabas din sa pag-aaral na ito ang pagiging matatag o *resilient* ng mga naging *battered wives* dahil sa kabila ng mga kinaharap nilang matinding unos ay nakuha parin nilang bumangon at lumaban.

## Batayan ng Pag-aaral

Adebayo, A. Kolawale, T. (2013) Domestic Violence and Death: Women as Endangered Genderin Nigeria. *American Journal of Sociological Research.* Department of Sociology, Federal University Oye-Ekiti, Ekiti State, Nigeria.

Almosaed, N. Alazab, S. (2015) Why Stay? Saudi Women's Adaptation's to Violence. *International Journal of Humanities and Social Science.*

Chadwick, H. Morgan, A. (2009). Key issues on Domestic Violence. Research in Practice, Summary Paper No. 07. Australian Institute of Criminology.

Baker, L. Cunningham, A. (2007). Little eyes, Little ears: How Violence against mother shapes children as they grow. *The Centre for Children and Families in the Justice System.*

Bible A., Hamby S. (2009). Battered Women's rotective Strategies. *National Online Resource Center on Violence Againssst Women.*

Boyatzis, R.E (1998). *Transforming qualitative information: Thematic analysis and code development.* Retrived from http://www.google.com

Braun, V. & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3 (2). Pp.77-101. ISSN 1478-0887

Crawford G.F., Kenrick D., Neuberg S., Krems J. (2015) Is She Angry? (SexuallyDesirable)Women "See" Anger on Female Faces. *Association for Psychological Science.*

DeBoard-Lucas, Renee L., & Grynch, H. (2011). Children's Perception of Intimate Partner Violence: Causes, Consequences, and Coping. *Journal of Family Violence* 26 (5): 343354.

Dixit S., et al., (2013). A study of the nature and cause of domestic violence among the attendees of a domestic violence counselling center tertiary level hospital of cityof central India. Int. J. Med. Public Health; 2:728-732

Dowling, M., van de Bosse, S. (2007). Child Exposure to a Batterer's Violence: A Proposal for Research. University of Minnesota-Duluth.

Espadilla, Mieka. (2016). Self-Efficacy and Resilience of Teenage Mothers.

Estrellado, Alicia F. Clemena, Rose Marie S. (2007). Dynamics of Abuse: Case Studies of Five Filipino Battered Women. *Philippine Journal of Psychology Vol, 40 No 2, pp.5-3*. De La Salle University of Manila.

Graan, V., Luise, C. (2015) An Analysis of the Battrered Wife in the Context of the Crime Murder in South African Criminal Law. University of Pretoria

Grovert, Amanda J. (2008). Domestic Violence Against Women A Literature Review (Master's thesis, Pacific University). Retrieved from http.//commons.pacificu.edu/spp/92

Hawley, D. R. (2000), Clinical implications of family resilience, *American Journal of Family Therapy,* vol. 28, no. 2, pp 101-116

Hayati *et* al.: (2014). "We no longer live in the old days": a qualitative study on the role of masculinity and religion for men's views on violence within marriage in rural Java, Indonesia. *BMC Women's Health.*

Karakurt G., Smith D., Whiting J. (2015) Impact of Intimate Partner Violence on Women's Mental Health. *Journal of Family Violence.*

Krug EG et al., (2002) eds. World Report on Violence and Health. Geneva, World Health Organization.

Lungren, Daniel. E. (2011). Battered Woman, Crime and Violence Prevention Center. Attorney General's Office. California Department Of Justice

Makwara, V., Kaseke, K., E. (2015). The Role of Culture on Violence against Women in Zimbabwe: A Case Study of Domboshava, Dunya Village. *The International Journal of Humanities & Social Studies.,* Zimbabwe Open University, Harare, Zimbabwe.

McGee, Susan G. S. (2005). 20 Reasons Why She Stay: A Guide for Those Who Want to Help Battered Women. Retrieved at http://stopviolence.com/domviol/whythetstay.htm

Murphy A. (2013). The Benefits, Risk and Barriers for Screening for Domestic Abuse in all Health Care Settings. *Critical Social Thinking: Policy and Practive, Vol. 5I.* University College Cork, Ireland.

Nigam S. (2016) Battered Women Syndrome: Applying this Legal Doctrine in the Indian Context. Retrived from https://ssrn.com

Oluremi, Fareo D. Ph. D (2015). Domestic Violence Against Women in Nigeria. Counselling and Human Development Centre. *Europian Joural of Psychological Research.,* Adeyemi College of Education, Ondo Nigeria.

Posch, P. (1998). The Negative Effect od Expert Testimony on the Battered Woman's Syndrome. *Journalof Gender and Law Vol.6:485.*

Rzepka, Christine H. (2007). Beyond Battering: Long Term Effects of Domestic Violence. National Conference on Health &Domestic Violence San Francisco

Siemienuk, R.A,; Krentz, H,B; Gish J.A. and Gill, M.J. (2010). Domestic violence screening: Prevalence and outcomes in a Canadian HIV population. *AIDS* Patient Care and *STDs*.

Trinidade RF, de Almeida AM, Rozendo C. (2008). Masculine infidelity and domestic violence: Experience of a group of women. *Ciencia y. Enfermeria*

Yigzaw, T., Berhane, Y., Deyessa, N., & Kaba, M. (2010). Perceptions and attitudes towards violence against women by their spouses: A qualitative study in North West Ethiophia.*Etiophian Journal of Health and Development,* 24(1), 39-45